## MAAARING KARAPAT-DAPAT KA SA MGA ESPESYAL NA KARAPATAN AT PROTEKSIYON DAHIL SA IYONG KATAYUAN SA HUKBONG MILITAR

Kung ikaw ay sangkot sa isang legal na kaso, sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa hukom ng tungkol sa iyong serbisyo sa hukbong militar, maaari itong magbigay-daan sa pagsasaalang-alang ng korte ng mga espesyal na benepisyo at proteksiyon para sa iyo. Kabilang sa ilang halimbawa ng mga potensiyal na benepisyo ay:

- Pagsasaalang-alang para sa alternatibong pagsesentensiya at tulong sa pagsasaayos ng pinsala ng krimen
- Diversion program (programa ng rehabilitasyon) para sa maliliit na kaso
- Karagdagang panahon para sa mga kaso sa pampamilyang batas

Upang ipaalam sa korte ang tungkol sa iyong serbisyo sa hukbong militar, maaari kang sumagot ng opsiyonal na Military Status Form (MIL-100, Form ng Katayuan sa Hukbong Militar). Maaari mo itong sagutan o ng iyong abogado, miyembro ng pamilya, kaibigan, o tagapagtaguyod para sa iyo kung ikaw ay:

- Kasalukuyan o dating miyembro ng hukbong militar
- Reserba sa hukbong militar o National Guard
- Mayroon o walang serbisyo sa pakikidigma
- May marangal o hindi marangal na paglabas sa hukbong militar

**Maaari mong isumite ang iyong kumpletong MIL-100 form sa klerk, hukom, o iyong abogado, sa anumang punto sa panahon ng iyong kaso.**

**Para sa higit pang impormasyon at para i-access ang MIL-100 form, i-search ang “California Courts MIL-100” sa iyong browser.**

## TUNGKOL SA STATE BAR OF CALIFORNIA

Ginawa ng Lehislatura ng Estado ng California noong 1927, ang State Bar (Bar sa Estado) ay ang administratibong sangay ng Korte Suprema ng California. Ang misyon nito ay pagsilbihan ang mga mamamayan ng California sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa legal na propesyon. Ang mga pangunahing tungkulin ng State Bar ay:

- Pagbibigay ng lisensiya sa 250,000 abogado sa California
- Pamamahala sa propesyon at pagsasanay ng batas
- Pagpapatupad ng Rules of Professional Conduct (Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi) at State Bar Act (Pang-estadong Batas Pang-abogasya) para sa mga abogado
- Pagdidisiplina sa mga abogadong lumalabag sa mga panuntunan at batas
- Pagsasagawa ng California Bar Exam
- Pagsulong ng access sa hustisya
- Pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at pagiging kabilang sa legal na sistema

Hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado. Kung kailangan mo ng abogado, makipag-ugnayan sa serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad.

**I-follow ang State Bar:**

**www.calbar.ca.gov**
**866-44-CA-LAW**

May-bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito mula Oktubre 2019.

# Mga Legal na Serbisyo para sa Mga Nagsisilbi o Nagsilbi sa Hukbong Militar

The State Bar *of California*

## PARA SA MGA NAGSISILBI O NAGSILBI SA HUKBONG MILITAR

Nasa sa California ang pinakamalaking populasyon ng mga beterano sa Estados Unidos, kung saan may higit sa 1.7 milyong kilalang beterano ang naninirahan dito. Nasa California rin ang pinakamalaking bilang ng mga aktibong miyembro ng serbisyo ng hukbong militar, kung saan may higit sa 180,000 ang naninirahan sa estado.

Kung nagsisilbi o nagsilbi ka sa hukbong militar at nangangailangan ka ng legal na tulong, makakatulong ang pamphlet na ito para malaman mo ang network ng mga organisasyon at serbisyong available sa iyo at sa iyong pamilya. Kasama sa mga ito ang mga legal na serbisyo para matulungan ka sa pabahay o kawalan ng tirahan, isyu sa panloloko sa mamimili, mga huling habilin (will) at pagpapatibay (probate), pagtatrabaho, o ibang mga legal na isyu. Kabilang din ang impormasyon tungkol sa Veterans Treatment Courts (Mga Korte sa Paggamot ng Mga Beterano) at mga espesyal na karapatan, at mga proteksiyong maaari mong matanggap bilang miyembro ng serbisyo o beterano sa mga Korte sa California.

Bagaman ang State Bar ay hindi pwedeng kumatawan ng mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado, makokonekta ka nito sa sertipikadong serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad.

Kung wala kang kakayahang magbayad para sa mga legal na serbisyo, maaaring kwalipikado ka para sa mura o libreng (pro bono) legal na tulong sa pamamagitan ng mga organisasyong nakalista sa pamphlet na ito.

Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika? Tumawag sa State Bar sa 866-44-CA-LAW.

**Available din ang pamphlet na ito sa wikang:**

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt
Korean 한국어 • Chinese 中文
• Russian Русский • Tagalog

# LEGAL NA TULONG PARA SA MGA NAGSISILBI O NAGSILBI SA HUKBONG MILITAR



## PARA SA MGA AKTIBONG MIYEMBRO

Kung ikaw ay aktibong miyembro ng serbisyo at nangangailangan ka ng legal na tulong, magandang lugar ang isang tanggapan para sa legal na tulong ng hukbong sandatahan upang magsimula. Itinaguyod ang mga tanggapang ito para pagsilbihan ang iyong mga pangangailangan. Magagamit mo ang Online na Tagahanap ng Lokasyon ng Armed Forces Legal Assistance (Legal na Tulong sa Hukbong Sandatahan): **legalassistance.law.af.mil.**

Makakatulong ang mga tanggapang ito para makapag-apply ka para sa mga benepisyong mayroon sa pamamagitan ng Servicemembers Civil Relief Act (Sibil na Batas para sa Tulong sa Mga Miyembro ng Serbisyo), isang pederal na batas na nagbibigay ng mga proteksiyon sa mga miyembrong aktibong naglilingkod, para sa mga larangan ng pamamahala ng pananalapi, kabilang ang mga kasunduan sa pagpapaupa, security deposit, pagpapaalis, kontrata sa installment na pagbabayad, rate ng interes sa credit card, mortgage, sibil na gawaing hudisyal, pagbabayad sa buwis sa kita, at marami pang iba.

Para sa mga nagsisilbi sa mga California Military Department (Departamento ng Hukbong Militar ng California), kabilang ang California National Guard, maaaring makipag-ugnayan sa Legal Support Command: www.ca-jag.us.

## PARA SA MGA BETERANO

### Mga Isyu sa Kawalan ng Tirahan

**Programa sa Pagbibigay ng Serbisyo sa Hustisya para sa Mga Beterano**
www.va.gov/homeless/vjo.asp

Bilang bahagi ng U.S. Department of Veterans Affairs (Departamento ng Mga Ugnayang Beterano ng U.S.), nagbibigay ang programang ito ng direktang serbisyo, pagtatasa, at pamamahala ng kaso para sa mga beteranong may kaugnayan sa hustisya sa mga lokal na korte at kulungan at nakikipagtulungan sa mga kaakibat sa sistema ng lokal na hustisya. Hindi makakapagbigay ng mga legal na serbisyo ang programa ngunit maaari ka nitong i-refer sa mga organisasyon ng legal na tulong sa iyong komunidad.

### Mga Isyu ukol sa Mamimimili at Pananalapi

**Seksiyon ng Proteksiyon sa Mamimili mula sa Hukbong Militar ng Pangkalahatang Abogado ng California**
https://oag.ca.gov/consumers/general/military

Bilang bahagi ng Office of the Attorney General (Tanggapan ng Pangkalahatang Abogado), sinisiyasat at hinahatulan ng grupong ito ang mga negosyong nakikibahagi sa mga mapanlokong gawi na nakatuon sa mga beterano, mga miyembro ng hukbong sandatahan, at kanilang mga pamilya. Nagbibigay din ito ng impormasyon tungkol sa mga isyu sa proteksiyon ng mamimili mula sa hukbong militar, kasama ang mga alerto ng scam o panloloko. Maaari mong iulat ang mga negosyo sa pamamagitan ng pagsumite ng reklamo.

**CKawanihan ng Proteksiyon sa Pananalapi ng Mamimili, Tanggapan ng Mga Ugnayan ng Miyembro ng Serbisyo**
www.consumerfinance.gov (i-search ang OSA) o tumawag sa 855-411-2372

Nagtatrabaho ang Office of Servicemember Affairs upang tulungan ang mga pamilya ng hukbong militar at beterano na malampasan ang mga pinansiyal na pagsubok sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga edukasyonal na mapagkukunan, pagsusubaybay sa mga reklamo, at pakikipagtulungan sa ibang mga ahensiya upang lutasin ang mga problema.

**Mamimili mula sa Hukbong Militar**
www.militaryconsumer.gov

Bilang isang magkasamang inisyatiba ng maraming organisasyon kabilang ang Federal Trade Commission (Pederal na Komisyon sa Pangangalakal) at Department of Defense (Departamento ng Depensa), binibigyang-kapangyarihan ng Military Consumer ang mga retirado at aktibong naglilingkod na miyembro ng serbisyo ukol sa mga isyu sa pananalapi at ng mamimili.

### Mga Pangkalahatang Legal na Isyu/Ibang Mapagkukunan

**State Bar of California**
www.calbar.ca.gov o tumawag sa 866-44-CA-LAW

I-search ang "resources veterans" (mga mapagkukunan ng mga beterano) o "resources active military" (mga mapagkukunan ng aktibong miyembro ng hukbong militar) sa website ng State Bar para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga organisasyong nagbibigay ng mga legal na serbisyo sa mga miyembro ng serbisyo ng hukbong militar, mga beterano, at kanilang mga pamilya.

Para sa impormasyon tungkol sa serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa California, pumunta sa www.calbar.ca.gov/Lawyer-Referral o tumawag sa 800-843-9053 (Sa labas ng California: 415-538-2250)
utside California: 415-538-2250)

**Asosasyon ng Mga Opisyal ng Serbisyo para sa Mga Beterano sa County sa California**
www.cacvso.org o tumawag sa 844-SERV-VET

Mahalaga ang tungkulin ng mga County Veterans Service Officer sa sistema ng pagtataguyod sa mga beterano sa California. Nagbibigay sila ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong partikular sa county at adbokasya para sa mga beterano, mga nakadepende sa kanila, at mga nakaligtas.

**Departamento ng Mga Ugnayang Beterano ng California**
www.calvet.ca.gov o tumawag sa 800-952-5626 o (TDD) 800-324-5966

Nagsisilbi ang California Department of Veterans Affairs sa mga beterano sa California at kanilang mga pamilya upang tiyaking nakukuha nila ang mga benepisyo mula sa estado at pederal na pamahalaan at ang mga serbisyong kanilang pinaghirapan at karapat-dapat nilang matanggap . Nagbibigay din sila ng tulong sa mga benepisyo, pangangalagang pangkalusugan, pabahay, edukasyon, pagtatrabaho, at higit pa.

**eBenefits**
www.ebenefits.va.gov o tumawag sa 800-827-1000

Kaanib ng U.S. Department of Veteran Affairs, nagbibigay ang eBenefits ng legal na tulong na nauugnay sa mga benepisyo ng beterano at higit pa.

**Swords to Plowshares**
www.swords-to-plowshares.org o tumawag sa 415-252-4788

Tinutulungan ng Swords to Plowshares ang mga beterano sa mga isyung may kaugnayan sa mga pensiyon, pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip, rekord ng militar, benepisyo, at higit pa. Nagbibigay din sila ng mga online na gabay para sa tulong sa sarili.

**Legal na Institusyon para sa Mga Beterano**
www.vetslegal.com o tumawag sa 714-852-3492

Nagbibigay ang Veterans Legal Institute ng libre (pro bono) na legal na tulong sa mga walang tirahan, nasa panganib, may kapansanan, at may mababang kita na kasalukuyan at dating miyembro ng serbisyo upang tanggalin ang mga hadlang sa pabahay, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at pagtatrabaho, at upang hikayatin ang pagtataguyod sa sarili.

### VETERANS TREATMENT COURTS (MGA KORTE PARA SA PAGGAMOT NG MGA BETERANO)

**Nireresolba ng Veterans Treatment Courts ang mga kriminal na kaso para sa mga beterano sa pamamagitan ng paggamot at suporta sa higit sa 30 county sa California. Sa pamamagitan ng mga korteng ito, nakikilahok ang mga beterano sa mga programang inakma sa kanilang mga pangangailangan. Kadalasang nakikipagpulong ang mga kalahok sa isang hudisyal na opisyal, ibang mga beterano, mga tagapagkaloob ng paggamot, mga tagagabay, at mga pangkat para sa pagsuporta. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa website ng California Courts sa www.courts.ca.gov at i-search ang "veterans courts" (mga korte ng mga beterano).**